

TAGALOG

فلبيني - (تجالوج)



SUJUD AL-SAHU

سجود السهو

Dumaan sa pagsusuri ng Sunnah College committee,
Sumailalim sa pamamahala ni: Sheikh Dr. Haytham Sarhaan

(Guro sa Masjid Nabawi)

Sarhaan.com – MahadSunnah.com

Youtube.com/@MahadSunnah

بسم الله الرحمن الرحيم

Al-Sahu sa wikang arabik ay nangangahulugang pagkalimot.

At kahit sa ating pagdarasal ay hindi maiiwasan na tayo ay makalimot o malito sa ilang parte ng dasal, kaya't tayo ay may tinatawag na "Sujud Al-Sahu", at ito ay dalawang sujud o pagpapatirapa sa huli ng ating dasal, upang maging kapalit sa anuman ang ating nakalimutan o nakaligtaan mula sa mga obligadong parte ng Salah.

At ito ay maari nating gawin sa lahat ng salah(dasal), ito man ay obligadong salah o kusang loob.

Tatlo ang dahilan ng "Sujud Al-Sahu", at ito ay dahil tayo'y may nagawa na: dagdag, kulang at pagdududa sa salah.

Kapag tayo ay nakalimot at nakadagdag sa salah, katulad ng: sobrang pagyuko, pagpapatira, o pag-upo; kinakailangan na tayo ay magsagawa ng sujud al-sahu **pagkatapos ng tasleem.**

At kung tayo naman ay nakalimot at nagkulang sa mga **haligi sa salah**, katulad ng: pagyuko at pagpapatirapa; kinakailangan na ito ay ating gawin upang pagkumpleto sa salah, at magsasagawa ng sujud al-sahu **pagkatapos ng tasleem.**

At kapag ang ating kulang naman ay **obligado sa salah**, katulad ng: pag-upo para unang Tashahhud, ito ay hindi na kinakailangan balikan, at magsasagawa lamang ng sujud al-sahu **bago magtasleem**.

At sa pagkakataon na tayo ay may duda sa ating salah, hindi sigurado kung tayo ba ay nasa pang tatlo o apat na bilang, dito ay ating kukunin ang mas kaunti dahil yun ang sigurado. Kanyang panghahawakan ang tatlo at hindi ang apat, at magsasagawa ng sujud al-sahu **bago magtasleem**.

Buod ng ating nabanggit:

Sujud Al-Sahu bago magtasleem.	Sujud Al-Sahu pagtapos ng tasleem.
Kapag nakaligtaan ang Wajid (Obligado) sa Salah.	Kapag nakalimot ng Rukn (Haligi) sa Salah (ito man ay dagdag o kulang).
Kapag nagkaroon ng duda sa bilang.	

At kapag Sujud Al-Sahu ang mismong nakalimutan isagawa pagkatapos ng tasleem, ito ay dapat balikan, maliban nalang kung sobrang tagal bago ito naalala(hindi na kaya habulin) at nasira na ang wudhu, hindi na ito dapat balikan.

Kung ang Imam (nangunguna sa salah) ang nakalimot, ang mga Ma'mum (mga nasa likod ng Imam) ay susunod sa Sujud Al-Sahu, sila man ay nakalimot rin o hindi. At kapag ang Ma'mum ang nakalimot at hindi ang Imam, hindi na kailangan ng Sujud Al-Sahu ng Ma'mum.

Sa pagkakataon na nakalimot ng maraming beses, sapat na ang isang Sujud Al-Sahu. Naiulat ni Abu Hurairah رضي الله عنه, na ang Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi: “Darating ang Satanas sa inyong salah para guluhin, kung saan kayo ay magdududa kung ilan na ang inyong nadasal, at kapag ito ay nangyari, kayo ay magsagawa ng dalawang pagpapatirapa (Sujud Al-Sahu)”.

والله تعالى أعلم . . .